

Pagpapabunga

1. Humanap ng lugar na mahalumigmig. Mahalaga na ang lugar na ito ay hindi nasisikatan ng araw.
2. Isabit sa pamamagitan ng kawit ang lubid na pagsasabitan ng mga binhi ng kabute.
3. Isalansan ang mga binhi ng kabute sa bawat salalayan ng nakabiting lubid.
4. Hayaang nakabitin ito ng 1-2 araw. Ito ang tinatawag na acclimatization stage. Ginagawa ito upang mapanumbalik ang dating sigla ng semilya mula sa *stress* na tinamo sa pagkakabiyaha.
5. Makalipas ito, gupitin ang magkabilang dulo ng *plastic bag* at diligan sa pamamagitan ng mist sprayer ang magkabilang bahagi ng binhi. Panatiliing mamasa-masa ang kondisyon nito.
6. Matapos ang tatlong araw, magsisimula nang maglabasan ang mga bunga. Panatiliing mamasa-masa ang kondisyon ng binhi. Kapag sinlaki na ng talaba ang mga bunga, pitasin na ang mga ito.
7. Kayurin ang bahagi ng binhi na pinag-anihan at panatilihin itong mamasa-masa. Limang araw matapos gawin ito, muli na namang maglalabasan ang mga bunga. Dapat gawin ang hakbang na ito pagkatapos umani.



Alam mo ba?

Isang magandang hanapbuhay ang pagtanim ng kabute sa Pilipinas. Bukod sa maraming likas na yaman na pwedeng gamitin para rito, angkop din ang klima ng bansa sa pagpapatubo ng kabute. Gayon din, dahil sa masustansya at maganda ito sa kalusugan, isa ring popular na pagkain ang kabute sa mga Pilipino.

Sa pamamagitan ng patuloy na pananaliksik, napalago ng Center for Tropical Mushroom Research and Development (CTMRD) ng CLSU ang teknolohiya sa pagpapatubo ng iba't-ibang uri ng kabute dito sa ating bansa. Kasama na rito ang kabuteng pamaypay o *Pleurotus sajor caju*, na maaaring patubuin sa isang maliit na lugar lamang at gamit ang dayami o kusot.

Para sa iba pang kaalaman, makipag-ugnayan sa:

Center for Tropical Mushroom Research and Development (CTMRD)
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
(044) 456 0107 / 0955-1563-2375
ctmrd@clsu.edu.ph

Inihanda ng:

CLSU Science and Technology Centrum/
University Extension Center
Research and Extension
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
(044) 940-9905 / (044) 456-5203
extension@clsu.edu.ph

Paggawa ng Binhi at Pagpapatubo ng

Kabuteng Bulaklak



Center for Tropical Mushroom Research and Development (CTMRD)
CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Philippines

Mga Materyales sa Paggawa ng Fruiting Bags

Materyales	Dami	Halaga	Kabuuan
Polypropelene bags, 6x12x0.3	4 bundle	535.00	2,140.00
PVC Pipe, 3/4"	16 piraso	75.00	1,200.00
Lastiko	1 kilo	180.00	180.00
Dayami	24 sako	500.00	2,000.00
Kusot (Sawdust)	200 sako	30.00	720.00
Ipa (Rice Hull)	200 sako	10.00	2,000.00
Cotton waste	4 kilo	35.00	140.00
Grain spawn	32 pack	150.00	4,800.00
Alcohol (500ml)	4 bote	70.00	280.00
			13,460.00

Pagbubulok at Pagtitimpla

1. Ibadad ang dayami sa malinis na tubig sa loob ng isang linggo. Hanguin ito at kulubin gamit ang lona upang hayaang mabulok sa loob ng 5-7 araw.
2. Putulin nang 1-1.5 pulgada ang nabubulok na dayami.
3. Paghaluin ang nabulok na dayami at kusot. Sa bawat 7 takal ng dayami, maglagay ng 3 takal na kusot. Haluin ito nang mabuti at panatiliing may 65% ng pagkabasa.



Pagsusupot at Pagpapasingaw

1. Gawin ng kanto ang *plastic bag* sa pamamagitan ng pagbabaliklad ng magkabilang sulok nito.
2. Ilagay ang molde at lagyan ng inihandang dayami at kusot ang *plastic*.
3. Lagyan ng pinutol na buho ang *plastic bag*. Ito ang magsisilbing leeg.
4. Pasakan ng malinis na bulak ang leeg ng *plastic bag*. Ito ang magsisilbing filter.
5. Upang di mabasa ang bulak, takpan ito ng lumang papel at talian ng laste (*ruber band*).
6. Bago ilagay sa dram na pasingawan ang mga *plastic bag*, lagyan ng 1.5 timba ng tubig ang dram.
7. Ilagay ang mga bag sa bawat hanay ng tray (20-25 bag bawat hanay).
8. Takpan ang dram.
9. Pakuluan ang tubig at hayaang lumabas ang singaw.
10. Simulan ang pag-ooras kapag nagsimula nang lumabas ang singaw. Tatagal ang pagsingaw ng 4 na oras.
11. Pagkatapos ng pagsingaw, hanguin at palamigin ang mga bag.



Paglalagay ng Binhing Pansalin

1. Taniman ng binhing pansalin ang mga bag sa pamamagitan ng maingat na pagbubudbod.
2. Ihanay ang mga bag na nabudburan ng binhing pansalin sa kuwarto na may temperaturang 28 °C hanggang 30 °C.
3. Hintaying mapuno ng semilya ang buong *plastic bag*.
4. Pagkaraan ng 3-4 na linggo, isabit sa mga inihandang sabitan ang mga *spawn* upang tumubo.

